

PINOPROTEKHAN NG CALIFORNIA ANG MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA IMIGRANTE



Civil Rights
Department
STATE OF CALIFORNIA

SHEET NG IMPORMASYON

Ang Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ay ang ahensya ng mga karapatang sibil sa California. Ipinapatupad ng CRD ang mga matatag na batas ng estado laban sa diskriminasyon at pangha-harass sa trabaho, pabahay, mga establisimyento ng negosyo, at mga programa at aktibidad na pinopondohan ng estado, maging ang mga batas laban sa karahasan na may udyok ng pagkiling at pangangalakal ng tao. Nakatuon ang CRD na tiyakin na ang lahat ng taga-California, anuman ang katayuan sa imigrasyon, ay maaaring mabuhay nang malaya sa diskriminasyon.

TRABAHO

Protektado ka mula sa pagkakatanggal sa iyong trabaho, pangha-harass sa trabaho, pagtrato nang masama kaysa sa mga katrabaho na may parehong trabaho, at iba pang uri ng diskriminasyon, dahil sa iyong lahi, etnisidad, mga ninuno, pinagmulang bansa, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, kapansanan, relihiyon, edad (40 pataas), at ilang iba pang katangian. Bilang karagdagan, may ilang proteksyon na kaugnay ng katayuan sa imigrasyon, pagkamamamayan, at wika.

MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON NA LABAG SA BATAS:

- **Pinagmulang Bansa/Mga Ninuno.** “Tinatrato ng employer ko ang mga empleyado mula sa isang partikular na bansa (o isang partikular na kanunu-nunuan) na mas masahol kaysa sa mga empleyado na nagmula sa Estados Unidos, kahit na pareho ang ginagawa namin at may mas may karanasan.”

- **Pangha-harass.** “Ang aking mga katrabaho ay regular na nagsasabi ng mga mapanirang-puri na bagay tungkol sa mga imigrante at tao na nagmula sa bansa kung saan ako ipinanganak, at ang aking employer ay tumangging gumawa ng anumang bagay upang mapigilan ito.”
- **Ingles Lang.** “Sinabi sa akin ng aking employer na kailangan kong mag-Ingles, kahit na nasa pahinga ako at kahit na, sa oras ng trabaho, walang dahilan sa negosyo para sa panuntunang ito.”
- **Diin ng pananalita.** “Hindi ako patas na tinatrato ng aking employer dahil nagsasalita ako ng Ingles na may ibang diin ng pananalita, kahit na malinaw akong nauunawaan ng aking mga katrabaho at mga customer.”
- **Paghihiganti.** “Nagbanta ang aking employer na itatawag ako sa mga awtoridad ng imigrasyon dahil nagreklamo ako tungkol sa pangha-harass na nararanasan ko sa trabaho.”
- **Mga Katanungan sa Imigrasyon.** Ang isang employer ay hindi maaaring tumingin sa katayuan sa imigrasyon ng isang aplikante o empleyado, maliban kung dapat gawin ito ng employer upang sumunod sa batas sa pederal na imigrasyon.
- **Mga Kinakailangan sa Pagkamamamayan.** Ang mga kinakailangan sa pagkamamamayan ay labag sa batas kung ang isang dahilan para sa diskriminasyon o may layunin o epekto ng diskriminasyon laban sa mga aplikante o empleyado batay sa pinagmulang bansa o mga ninuno, maliban kung alinsunod sa isang pinahihintulatang depensa.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa imigrasyon, pagkamamamayan, at mga problema sa wika sa trabaho, basahin ang California Code of Regulations, Pamagat 2, Seksyon 11028.

PINOPROTEKHAN NG CALIFORNIA ANG MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA IMIGRANTE



Civil Rights
Department
STATE OF CALIFORNIA

SHEET NG IMPORMASYON

Kung naging biktima ka ng diskriminasyon sa trabaho na labag sa batas, maaaring karapat-dapat ka para sa back pay, front pay, reinstatement, at iba pang remedyo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
www.calcivilrights.ca.gov/employment/

MGA NEGOSYO

Protektado ka mula sa diskriminasyon ng lahat na negosyo, tulad ng mga retail store, restaurant, ospital, at mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang lahat ng imigrante ay protektado laban sa diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, etnisidad, mga ninuno, pinagmulang bansa, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, kapansanan, relihiyon, at ilang iba pang katangian, pati na rin ang pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon, at pagkamamamayan.

MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON NA LABAG SA BATAS:

- "Ang isang hardware shop ay ayaw magparenta ng makinarya sa akin kung hindi ko mapatunayan na ako ay isang legal na imigrante."
- "Ako at ang aking pamilya ay hindi binigyan ng serbisyo ng isang restaurant dahil hindi kami mula sa Estados Unidos."
- "Pinaghintay ako ng isang ospital nang mas mahaba kaysa sa lahat ng iba pang mga pasyente dahil hindi sila sigurado na ako ay isang mamamayan o legal na imigrante."

Kung naging biktima ka ng diskriminasyon na labag sa batas ng isang negosyo, maaaring kabilang sa mga remedyong magagamit mo ang danyos na hindi bababa sa \$4,000.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:
www.calcivilrights.ca.gov/unruh/

PABAHAY

Protektado ka mula sa pagpapaalis, pagtanggì sa isang apartment, pagsingil ng mas mataas na renta, pagtanggì sa pag-aayos, at iba pang uri ng diskriminasyon kung nakabatay sa iyong lahi, etnisidad, mga ninuno, pinagmulang bansa, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, kapansanan, relihiyon, pinagkukunan ng kita, at iba pang basehan.

Kung ang iyong landlord/tagapagbigay ng pabahay ay kwalipikado bilang isang negosyo, protektado ka rin laban sa diskriminasyon sa pabahay na nauugnay sa iyong pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, o pangunahing wika.

MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON NA LABAG SA BATAS

- "Ang namamahalang kumpanya na nagpapatakbo ng apartment complex na aking tinitirhan ay nagbanta na sabihin sa mga awtoridad sa imigrasyon na wala akong dokumento kung hindi ako aalis sa aking apartment."
- "Nais ng isang may-ari na singilin ako ng mas mataas na renta kaysa sa na-advertise, dahil hindi ako orihinal na mula sa U.S."
- "Ang isang bagong condominium complex ay nagbebenta ng mga unit at tumanggi na bigyan ako ng application dahil hindi ako isang mamamayan ng Estados Unidos."
- "Ang tanggapan ng isang realtor ay tumanggi na ipakita sa akin ang mga pag-aari dahil hindi ako ipinanganak sa Estados Unidos."

Kung naging biktima ka ng diskriminasyon na labag sa batas sa pabahay, maaari kang may karapatang i-access ang pabahay na itinanggi sa iyo, gastos na mula sa sariling bulsa, at iba pang mga remedyo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:
www.calcivilrights.ca.gov/housing/

PINOPROTEKHAN NG CALIFORNIA ANG MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA IMIGRANTE



Civil Rights
Department
STATE OF CALIFORNIA

SHEET NG IMPORMASYON

KARAHASAN NA MAY UDYOK NG PAGKILING

Protektado ka mula sa karahasan o banta ng karahasan laban sa iyo, sa iyong pamilya, at sa iyong pag-aari. Karahasan at banta ng karahasan na inudyok ng iyong lahi, etnisidad, mga ninuno, pinagmulang bansa, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, kapansanan, relihiyon, pagkamamamayan, pangunahing wika, katayuan sa imigrasyon, at ilang iba pang katangian ay itinuturing na "karahasan dahil sa poot" o "karahasan na may udyok ng pagkiling."

MGA HALIMBAWA NG KARAHASAN NA MAY UDYOK NG PAGKILING

- "Ang isang estranghero ay dumura sa akin at sumigaw sa akin na bumalik ako kung saan ako nanggaling."
- "Ginassagan ng susi ng katrabaho ko ang aking sasakyan dahil hindi ako masyadong marunong mag-Ingles."
- "Sinubukan akong suntukin ng aking kapitbahay habang sumisigaw ng mga salitang mapanira sa lahi."

Kung ikaw ay nabiktima ng karahasan na may udyok ng pagkiling, mayroon kang opsyon na magpunta sa pulisya. Mayroon ka rin opsyon upang maghain ng reklamong sibil sa CRD, at ang iyong mga remedyo ay maaaring kasama ang isang restraining order at pera upang mabayaran ka para sa mga pinsala na dinanas mo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:
www.calcivilrights.ca.gov/hateviolence/

MGA PROGRAMA AT SERBISYO NA PINANGANGASIWAAN O PINOPONDOHAN NG CALIFORNIA

Anumang programa o serbisyo na pinamamahalaan ng California o tumatanggap ng pondo ng pamahalaan ay dapat sumunod sa ilang mga batas sa karapatang sibil. Habang ang ilan sa mga programa at serbisyong ito ay maaaring hindi magagamit sa lahat ng imigrante, walang maaaring mandiskrimina laban sa sinumang aplikante at benepisyaryo batay sa lahi, etnisidad, mga ninuno, pinagmulang bansa, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, kapansanan, relihiyon, o ilang iba pang katangian.

MGA HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON NA LABAG SA BATAS

- "Kahit na karapat-dapat ako para sa isang programa para sa mga batang ina at pamilya na nangangailangan, ang organisasyon na nagpapatakbo ng programa ay tinalikuran ako dahil sa aking etnisidad. Ang programa ay pinopondohan ng pera ng estado."
- "Ang pampublikong paaralan kung saan pumapasok ang aking mga anak ay hindi pinapayagan ang aking mga anak na maglaro ng mga extracurricular na palakasan dahil sa aming mga ninuno."
- "Ang isang ospital na tumatanggap ng Medi-Cal ay hindi makatarungan ang pagtrato sa akin dahil nagmula ako sa ibang bansa."

Anumang programa o aktibidad na pinondohan ng estado na labag sa batas na nandiskrimina ay maaaring mawalan ng ilan o lahat ng pondo nito ng estado, at ang biktima ng diskriminasyon ay maaaring may karapatan sa iba pang mga remedyo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:
www.calcivilrights.ca.gov/statefundedprograms/

PINOPROTEKHAH NG CALIFORNIA ANG MGA KARAPATANG SIBIL NG MGA IMIGRANTE



Civil Rights
Department
STATE OF CALIFORNIA

SHEET NG IMPORMASYON

PANGANGALAKAL NG TAO

Pinoprotektahan ng batas ng California ang lahat, anuman ang katayuan ng imigrasyon, mula sa pangangalakal ng tao (human trafficking), na kung saan ay ang pagsasamantala sa mga tao sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya, o pamimilit para sa mga layunin ng komersyal na sex o sapolitang pagpapatrabaho. Ito ay isang kagawian sa trabaho na labag sa batas para sa isang employer o ibang sakop na entidad na gumamit ng puwersa, pandaraya, o pagpilit upang pilitin ang pagtatrabaho sa, o napapailalim sa masamang pagtrato, mga aplikante o empleyado batay sa pinagmulang bansa.

Bilang karagdagan, kung ikaw ay biktima ng pangangalakal ng tao o maraming iba pang krimen, maaari kang maging karapat-dapat para sa isang U o T visa kung nakikipagtulungan ka sa alagad ng batas upang mausig ang mga krimeng iyon.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

www.calcivilrights.ca.gov/humantrafficking/

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa CRD.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Departamento ng Mga Karapatang Sibil

calcivilrights.ca.gov/complaintprocess

Walang Toll: 800.884.1684

TTY: 800.700.2320

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon, maaari kang tulungan ng CRD sa iyong reklamo. Makipag-ugnayan sa amin gamit anumang paraang nasa itaas, o para sa mga indibidwal na bingi o may kahirapan sa pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711).